

Ano ang nakapaloob sa pagsali sa NDIS?

Ang Pambansang Sistema ng Seguro sa Kapansanan sa Western Australia (National Disability Insurance Scheme in Western Australia) (NDIS in WA) ay isang bagong paraan para sa mga taong may kapansanan na makakuha ng pang-indibidwal na mga suporta na dinisenyo upang maging angkop sa kanilang kasalukuyan at panghinaharap na mga pangangailangan. Ang programa ay lokal na pinangangasiwaan sa WA ng Kagawaran ng mga Komunidad – Mga Serbisyong Pangkapansanan (dating kilala bilang Komisyon ng mga Serbisyong Pangkapansanan).

Ipinakikita sa prosesong nasa ibaba ang mga hakbang na nakapaloob bago makakuha ang isang tao ng mga serbisyo na pinondohan sa pamamagitan ng planong NDIS.

1. Subukan ang pagiging karapat-dapat

- Kontakin ang NDIS sa WA upang subukan ang pagiging karapat-dapat para sa plano at humiling na makakuha ng serbisyo ng NDIS.
- Tumawag sa 1800 996 214 o bisitahin ang iyong pinakamalapit na tanggapan ng Lokal na Koordinasyon.
- Ikaw ay tatanggap ng tugon sa loob ng 21 araw mula sa petsa ng pagsusumite ng mga form para sa pagiging karapat-dapat at mga dokumento.

2. Gumawa ng Plano

- Kapag nakumpirma ang pagiging karapat-dapat makikipagkita sa iyo ang iyong Lokal na Koordineytor upang simulan ang paggawa ng planong NDIS upang suportahan ang kasalukuyan at panghinaharap na mga pangangailangan.
- Maaaring abutin nang hanggang 90 araw ang proseso ng pagpaplano.

3. Maghanap ng mga Tagapagbigay-Serbisyo

- Sa panahon ng proseso ng Pagpaplano, tutulungan ka ng iyong Lokal na Koordineytor na maghanap ng mga opsyon para sa lokal na komunidad, pamahalaan at pangunahing mga suporta at serbisyo.
- Sasabihan ka ng iyong Lokal na Koordineytor na kumontak sa mga tagapag-bigay-serbisyo na makatutulong sa iyo na matamo ang iyong mga layunin sa iyong plano.

4. Pagtatapos ng Plano

- Ang iyong pinondohang mga suporta at serbisyo ay kinakailangang maaprubahan bago makabilang ang mga ito sa iyong planong NDIS.
- Ang mga serbisyo ay kadalasang nagsisimula humigit-kumulang sa 4-6 linggo matapos na aprubahan ang plano.
- Ang Planong NDIS ay kadalasang para sa isang taon, maliban na lamang na may ibang tinukoy.

**Pagsali
sa
NDIS**